Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Module 8 Linggo 8: Heograpiyang Pantao: Populasyon, Agrikultura at Industriya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Araling Panlipunan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan - Modyul 8: Heograpiyang Pantao: Populasyon, Agrikultura at Industriya
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-isip sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishiers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

**Author:** Liwayway M. Dawadias

**Editor:** Nicolasa R. Taronzon

**Reviewers:** Cecilia E. Ingotan, PSDS
Chona Dilangen
Susan Alavanza

**Illustrator:** Fernando A. Ombayan

**Layout Artists:** John Rimmon I. Taquiso

**Management Team:**
Chairperson: Rebonfamil R. Baguio
*Schools Division Superintendent*

Co-Chairperson: Eugene I. Macahis, Jr.
Asst. Schools Division Superintendent

Members: Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES
Ruel C. Duran, EPS – Araling Panlipunan
Analisa C. Unabia, EPS – LRMS
Joan Sirica V. Camposo, Librarian II
Israel C. Adrigado, PDO II

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 8 Linggo 8:

## Heograpiyang Pantao: Populasyon, Agrikultura at Industriya

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda ta sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat naming ang mga guro at ibang nasa larangan ng Edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ngEdukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mag puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon ● Republika ng Pilipinas**

## *Panimula*

Ang Modyul na ito ay ginawa para sa mga mag-aaral ng ikaapat na baitang sa asignaturang Araling Panlipunan.

Tatalakayin sa modyul na ito ang heograpiyang pantao ng Pilipinas kung saan pag-uusapan ang populasyon, agrikultura, at industriya ng bawat rehiyon. Ang bansa ay hinati sa mga rehiyon upang mapadali ang pamamahala at pagbibigay ng serbisyo ng tao sapagkat ang bawat rehiyon ay binubuo ng mga lalawigang malapit sa isa't-isa at may pagkakatulad na katangiang pangheograpiya.

Inaasahang mailalarawan mo ang populasyon, agrikultura, at industriya ng Pilipinas pagkatapos ng araling ito.



***Mga tala para sa Guro***

Gabayan ang mga mag-aaral sa paggamit ng modyul sa Araling Panlipunan ng Ikaapat na baitang.



## *Alamin*

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, inaasahang makamit mo ang layunin sa pagkatuto.

Mga layunin sa pagkatuto:



1. Mailalarawan ang heograpiyang pantao (populasyon, agrikultura at industriya) ng Pilipinas.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawain nang mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay  pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatayang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Aling rehiyon ang may pinakamaraming tao na naninirahan?
   A. Gitnang Luzon　　B. Kanlurang Visayas
   C. CALABARZON　　D. National Capital Region

2. Aling rehiyon ang may pinakamaliit na bilang ng naninirahan?
   A. CAR　　B. CARAGA
   C. ARMM　　D. MIMAROPA

3. Alin sa mga sumusunod na mga pangunahing pangkat ng pulo ang may pinakamalaking populasyon?
   A. Luzon　　B. Visayas
   C. Mindanao　　D. Palawan

4. Ang populasyon nito ay 4.74 milyon at gumagawa sila ng malalaking tapayan o burnay mula sa luwad.
   A. Rehiyon I　　B. Rehiyon III
   C. Rehiyon II　　D. Rehiyon IV

5. Isa itong agrikultural na rehiyon dahil biniyayaan ito ng masaganang likas na yaman tulad ng mga taniman, pangisdaan, kagubatan at magagandang tanawin.
   A. NCR　　B. CARAGA
   C. ARMM　　D. MIMAROPA

6. Sa mga rehiyon ng Visayas, dito matatagpuan ang lalawigan ng Panay na makikita ang pinakamalaking taniman ng palay.
   A. Rehiyon V　　B. Rehiyon VII
   C. Rehiyon VI　　D. Rehiyon VIII

7. Dinarayo ito ng mga turista dahil malamig ang klima rito. Tinawag din ang lugar na ito na *Summer Capital* ng bansa.
   A. Cebu　　B. Bukidnon
   C. Baguio　　D. Ilocos Sur

8. Ang Rehiyon na ito ay tinaguriang *Tuna Capital* ng Pilipinas.
   A. CAR B. CARAGA
   C. ARMM D. SOCCSKSARGEN

9. Anong lalawigan sa Rehiyon X ang may pinakamalawak na taniman ng pinya?
   A. Camiguin B. Lanao del Norte
   C. Bukidnon D. Misamis Oriental

10. Ayon sa PSA (Philippine Statistics Authority) ang populasyon ng Rehiyon IV-A o CALABARZON sa taong 2010 ay
    A. 7.09 milyon B. 11.86 milyon
    C. 10.14 milyon D. 12.61 milyon

# Aralin 12 Heograpiyang Pantao: Populasyon, Agrikultura at Industriya

Ang populasyon, agrikultura at industriya ay siyang lakas ng bawat rehiyon ng Pilipinas.



### *Balikan*

Kumakain ka ba ng bigas?_______. Alam mo bang ang bigas ay galing sa palay? ______ Maliban palay, ano pang mga produkto pang-agrikultura ang makikita sa inyong lugar? Isulat ang sagot sa guhit.

1. ________________________
2. ________________________
3. ________________________



## *Tuklasin*

Ayusin ang mga nagulong pantig upang mabuo ng isang salita.

Gra heo yang pi ______________________
o pan ta ______________________
po las pu yon ______________________
ri ag tu kul ra ______________________
tri yad us in ______________________

Ano sa palagay mo ang araling natin sa modyul na ito?


Inaasahang sagot:

________________________________________________




## *Suriin*

Tingnan mo ang mga hugis. Mayroon itong mga letra sa loob.




Gusto kong hulaan mo ang salitang may kaugnayan sa ating aralin gamit ang mga hugis.



Ano ang salita na iyong nabuo? Isulat ang sagot sa guhit.

___________________________________


Ang populasyon ay tumutukoy sa bilang ng mga tao na naninirahan sa isang tiyak na lugar o rehiyon. Ang Pilipinas ay binubuo ng 17 rehiyon na may iba't-ibang bilang ng populasyon, agrikultura at industriya.

# MGA REHIYON SA LUZON

Ang Luzon ang pinakamalaking pangkat ng mga pulo sa Pilipinas.

### Rehiyon I: Ilocos Region

- Ang rehiyon ng Ilocos ay matatagpuan sa hilagang-kanluran ng Luzon.
- Binubuo ito ng apat na lalawigan- Ilocos Norte, Ilocos Sur, La Union at Pangasinan.
- Ilocano at Pangasinense ang mga pangkat ng taong naninirahan sa rehiyon.
- Nasa 4.74 milyon ang populasyon nito noong taong 2010.




Kapaligirang Pilipino pahina 66

**Industriya at Produkto**:


Pagsasaka ang isa sa pangunahing hanapbuhay sa rehiyon. Bawang, tabako, palay, mais, bulak, tubo at mangga ang mga pangunahing produkto rito.

Pangingisda rin ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga Ilokano at Pangasinense. Ang mga pangunahing pangisdaan sa rehiyon ay matatagpuan sa Laoag at Burgos sa Ilocos Norte at Sinait at Candon sa Ilocos Sur. Matatagpuan sa Bonuan sa Dagupan at sa Binmaley ang mga pangisdaang pinanggagalingan ng bangus, hito, dalag, hipon at alimasag.

Paglililok at paghahabi ng kumot, tuwalya at punda ang industriyang pantahanan na nakadaragdag sa kanilang kita. Gumagawa rin sila ng malalaking tapayan o burnay mula sa luwad at naglalala ng mga basket mula sa yantok at buli.

Pinagkakakitaan din ng mga Pangasinense ang paggawa ng asin, bagoong na isda, alamang, bukato at mga kasangkapan mula sa narra tulad ng silya, mesa, aparador at platera.

## Rehiyon II – Lambak ng Cagayan




Kapaligirang Pilipino pahina 70

- Isa itong lambak na matatagpuan sa Hilagang-Silangan ng Luzon.
- Binubuo ito ng mga lalawigan ng Batanes, Cagayan, Isabela, Nueva Vizcaya at Quirino.
- Ang populasyon nito ay umaabot sa 3.23 milyon noong taong 2010.
- Ibanag, Gaddang, Itawis at Ilocano ang mga naninirahan sa rehiyon subalit nahaluan na rin ng mga Tagalog at iba pang pangkat.

- Ilocano, Tagalog, Pangasinense, Pampango, Ibanag, Yogad at Gaddang ang wika ng mga naninirahan dito.
- Ivatan, Ilocano at Tagalog naman ang mga dyalekto sa Batanes.

**Industriya at Produkto**

Pag-aalaga ng Baka ang pangunahing hanapbuhay sa rehiyon na ito dulot ng madamong lugar at magandang pastulan sa Batanes, Nueva Vizcaya at Isabela.


Pangunahing industriya rin ang Pagtotroso at Pagtatabla dahil sa malaking kagubatan ng rehiyon na napagkukunan ng mataas na uri ng kahoy tulad ng Narra, Guijo, Camagong at Lawaan.

Ang malalaking pangisdaang nakapalibot sa pulo ng Batanes, sa Look ng Divilican, Look ng Palawan sa Isabela at sa Ilog Cagayan ang nagbibigay ng industriyang Pangisdaan.

Ang industriyang pantahanan na pinagkakakitaan sa rehiyon ay ang paggawa ng lubid, basket at sombrero na gawa sa *valet*, isang klase ng rattan at *vakul* na gamit sa ulo mula sa tuyong dahon ng *voyaboy*.

**Rehiyon III: Gitnang Luzon**

- Ito ay may populasyon na 10.14 milyon noong taong 2010.
- Ang rehiyon III ay kilala sa tawag na Gitnang Luzon o Gitnang Kapatagan.
- Binubuo ito ng Bataan, Bulacan, Nueva Ecija, Pampanga, Tarlac at Zambales.



Kapaligirang Pilipino pahina 75


Sinasabi na ang Tarlac ay maituturing na *melting pot* ng rehiyon dahil iba't-ibang pangkat ng tao ang naninirahan dito. Ang mga Aeta o mas kilala sa tawag na Agta o Ata at sinasabing pawang hango sa salitang "it" na ang kahulugan ay itim (tagalog) o itom (Bisaya).

## Industriya at Produkto

- Pagsasaka ang pangunahing industriya sa Luzon at Palay ang pangunahing itinatanim.
- Tinaguriang “Kamalig ng Bigas” ng bansa ang Gitnang Luzon dahil nangunguna ito sa pag-aani ng Palay.
- “Bangan ng Palay” ang tawag sa lalawigan ng Nueva Ecija dahil napakaraming Palay ang inaani dito.
- Pangunahing produkto rin sa rehiyon ang asukal, tabako, mais, mani, kamote at sari-saring gulay.
- Tanyag ang Zambales sa pag-aani ng magagandang uri ng mangga.
- Ang iba pang pangunahing ikinabubuhay ng taga Gitnang Luzon ay ang pangingisda, pagmimina, pagyari ng mga kasangkapan sa bahay at pangangalakal.

## Rehiyon IV-A: CALABARZON

**CALABARZON** ang tawag sa pinakabagong rehiyon dahil binubuo ito ng mga lalawigan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Mayroon itong 12.61 milyon na populasyon noong taong 2010 at karamihan sa naninirahan dito ay mga tagalog.



Kapaligirang Pilipino pahina 80

## Industriya at Produkto


Pagsasaka ang pangunahing pinagkakakitaan sa rehiyon dahil sa malalawak na taniman dito. Ilan sa mga produkto rito ay palay, tubo, niyog, saging, kape, sari-saring gulay at marami pang iba.

Pangingisda rin ang isa sa pangunahing pinagkakakitaan sa CALABARZON. Ang mga pangisdaan ay matatagpuan sa Look ng Tayabas at Look ng Lamon.

Matatagpuan din sa rehiyon ang industriya ng mga *industrial parks* at magagandang tanawin tulad ng *Pagsanjan Falls*, *Rizal Shrine* at iba pang nagbibigay turismo rito.

### Rehiyon IV-B: MIMAROPA

- Ito ay binubuo ng mga Pulo ng Mindoro (Oriental at Occidental), Marinduque, Romblon at Palawan.
- Sa taong 2010, ang populasyon nito ay umabot sa 2.73 milyon. Ang mga Tagbanwa, Pala'uan, Molbog, Keney at Batak ang bumubuo sa Palawan. Ang mga Mangyan naman ay matatagpuan sa Mindoro at mga Tagalog karamihan sa Marinduque at Romblon.



Kapaligirang Pilipino pahina 84


### Industriya at Produkto

Ang MIMAROPA ay isang rehiyong agrikultural. Biniyayaan ito ng masaganang likas na yaman tulad ng mga taniman, pangisdaan, kagubatan at magagandang tanawin.

Ang mga pangunahing pinagkakakitaan maliban sa pagsasaka ay pangingisda, pagmimina, turismo at industriyang pantahanan. Ang mga magagandang tanawin sa Palawan at Mindoro ay nakaakit sa mga turista.

### Rehiyon V: Rehiyon ng Bicol

- Binubuo ito ng mga lalawigan ng Albay, Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Masbate at Sorsogon.
- Bicolano ang tawag sa mga mamamayang naninirahan sa rehiyon. Ang populasyon nito sa taong 2010 ay umabot sa 5.4 milyong katao.



Kapaligirang Pilipino pahina 88

**Industriya at Produkto**


Pagsasaka at pangingisda ang pangunahing hanap-buhay ng mga tao. Abaka ang pangunahing produkto ng rehiyon at ang pangunahing pangisdaan ay ang Golpo ng Ragay, Look ng San Miguel, Look ng Magallanes at Golpo ng Lagonoy.

Makikita sa Lawa ng Buhi ang pinakamaliit na isdang tabang ang *Pandaka Pygmaea*. Maroon din silang plantang heotermal na pinapatakbo ng mainit na singaw ng lupa sa Tiwi, Albay.

## National Capital Region (NCR)

Tinagurian din itong Pambansang Punong Rehiyon o *National Capital Region* (NCR).

Ang populasyon nito taong 2010 ay umabot sa 11.86 milyon ka tao. Pangunahing mamamayan dito ang mg Tagalog na mula sa Riza Gitna at Katimugan Luzon.



Kapaligirang Pilipino pahina 92

**Industriya at Produkto**


Maituturing na sentro ng kalakalan at iba't-ibang industriya ang NCR dahil sa mga makabagong sistema ng transportasyon dito tulad ng *Metrotrain*, *Metrosta*r at iba pa. Nagpapabilis sa local at pandaigdigang kalakalan ng Pilipinas ang mga daungan ng Look ng Maynila at ang paliparan, ang *Ninoy Aquino Internation Airport* o NAIA.

Ang Industriya ng Paggawa ang isa sa pangunahing pinagmumulan ng kita ng bansa. Makikita sa rehiyon ang malalaking pagawaan ng tela, kendi, kasuotan at mga produktong de-lata.

Pangunahing hanapbuhay ang pangingisda sa Navotas at Malabon na malapit sa Look ng Maynila at sa Taguig na malapit sa Laguna de Bay.

## CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION (CAR)

Binubuo ito ng mga lalawigan ng Abra, Benguet, Kalinga, Apayao, Ifugao at Lalawigang Bulubundukin (*Mountain Province)*. Mga Igorot ang pangkalahatang tawag sa mga katutubo sa rehiyon. Ang populasyon nito taong 2010 ay 1.52 milyong katao.



Kapaligirang Pilipino pahina 98

### Industriya at Produkto

Marami sa CAR ang nabubuhay sa pagsasaka. Umaani sila ng palay sa pamamagitan ng Hagdan-hagdang Palayan (*Rice Terraces*). Marami din silang tanim na gulay tulad ng letsugas, repolyo, carrot at iba pa. Ang Lambak ng Trinidad ay sentrong taniman ng sari-saring gulay kaya ito tinawag na *Salad Bowl* ng Pilipinas.


Sagana din ito sa yamang mineral. Makikita sa Itogon, Tuba at Mankayan sa Benguet ang mga minahan ng ginto, pilak at tanso. Pinagkakitaan din nila ang pag-aalaga ng baka at kabayo, paggawa ng mga kagamitang inukit sa kahoy, paghabi ng tela, kumot at kasuotang pangginaw, paggawa ng palayok paggawa ng kasangkapang gawa sa kawayan, rattan at yantok.

## MGA REHIYON SA VISAYAS

Ang Visayas ay isang pangunahing kapuluan. Ito ay pangkat ng mga pulo sa pagitan ng Luzon at Mindanao. Tinatawag ding Gitnang Pilipinas ang Visayas.

### Rehiyon VI: Kanlurang Visayas

Ang Kanlurang Visayas ay nasa pagitan ng Dagat Visayas at Dagat Sulu. Binubuo ito ng mga lalawigan ng Aklan, Iloilo, Antique, Guimaras at Negros Occidental. May populasyong 7.09 milyon katao sa taong 2010.



Kapaligirang Pilipino pahina 109

Ilonggo ang pangkalahatang katawagan sa mga mamamayan ng rehiyon. Hiligaynon ang kanilang dyalekto samantalang Kinaray-a ang dyalekto ng mga taga-Antique at ilang bayan ng Iloilo. Ang mga taga-Aklan naman ay nagsasalita ng Aklanon. Malambing, malumanay masayahin at palakaibigan ang mga Ilonggo.

**Industriya at Produkto**


Pagsasaka ang isa sa mga pangunahing industriya sa Rehiyon. Tubo ang produktong agrikultura nila. Itinuturing ring "Kamalig ng Palay" ang Panay dahil dito makikita ang pinakamalaking taniman ng palay sa rehiyon.

Mahalaga ring hanapbuhay ng rehiyon ang pangingisda. Nadaragdagan din ang kita ng mga mamamayan sa pamamagitan ng iba't-ibang industriyang pantahanan tulad ng paghahabi ng telang pinya at *jusi* na ginawang barong Tagalog at kasuotang pambabae.

## Rehiyon VII: Gitnang Visayas

Ang Gitnang Visayas ay binubuo ng mga pulo ng Bohol, Cebu, Siquijor at mga lalawigan ng Negros Oriental.

Ang populasyon nito sa taong 2010 ay umabot sa 6.78 milyong katao.



Kapaligirang Pilipino pahina 112

Karamihan sa naninirahan sa rehiyon ay Cebuano. Ang mga Magahat sa Negros Oriental at Ekaya sa Bohol ang ilan sa mga pangkat etniko sa rehiyon.

**Industriya at Produkto**


Agrikultura, pangingisda, pagmimina at manufacturing ang mga pangunahing industriya sa Gitnang Visayas. Ang pangunahing ani sa rehiyon ay mais, kapok, palay, kopra, niyog, sitrus at iba pa.

Tulad ng Metro Manila, paggawa ng mga kagamitan ang isa sa pangunahing industriya ng rehiyon. Ang *Mactan Export Processing Zone* ay nagbibigay ng hanapbuhay sa maraming Cebuano.

## Rehiyon VIII: Silangang Visayas

Ang Silangang Visayas ay binubuo ng dalawang malalaking pulo ng Samar, Leyte, Biliran at ng maliliit na pulo sa palibot nito. May populasyon ito na 4.09 milyong katao taong 2010.

Mga Waray ang naninirahan sa rehiyon. Waray din ang kanilang dyalekto.




Kapaligirang Pilipino pahina 116

### Industriya at Produkto


Pagsasaka ang pangunahing industriya sa rehiyon. Palay, tubo, niyog at mais ang pangunahing pananim dito.

Maunlad din ang industriya ng pangingisda sa Silangang Visayas. Ang ibang taga rehiyon ay nabubuhay sa paglalala ng magaganda at makukulay ng banig yari sa tikug. Kumikita naman ang iba sa pagtotroso at pagmimina.

## MGA REHIYON SA MINDANAO

Pangalawa sa pinakamalaking pulo ng Pilipinas ang Mindanao. Dahil sa taglay nitong yaman, tinawag itong *Lupang Pangako*.

## Rehiyon IX: Tangway ng Zamboanga




Kapaligirang Pilipino pahina 125

May tatlong lalawigan ang Rehiyon IX- Zamboanga del Norte, Zamboanga del Sur, Zamboanga Sibugay at Lungsod ng Isabela sa Basilan. Ang populasyon nito taong 2010 ay 3.40 milyon katao.

Cebuano, Chavacano at Tausug ang mga pangunahing dyalekto sa rehiyon. Ilan sa mga pangkat etniko na naninirahan dito ay Subanon, Kalibugan, Maguindanao, Jama Mapun, Tausug, Samal at Yakan.


**Industriya at Produkto**

Ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan dito ay pagsasaka. Niyog ang kanilang pangunahing produkto. Umaani rin sila ng palay, mais at sari-saring prutas tulad ng Lansones at Langka.

Isa rin sa pangunahing hanapbuhay ng mga tao rito ay pangingisda. Ang malalaking bahagi ng mga isdang nahuhuli ay tulad ng Tuna at Mackerel. Sagana rin ang dagat dito ng korales at susong-dagat.

Pinagkakakitaan rin ang paggawa ng bangka at mga produktong pampalamuti na gawa sa kapis at sigay. Nagsisilbi ring atraksiyon sa mga turista ang makukulay na Vinta na naglalayag sa mga baybayin.

## Rehiyon X: Hilagang Mindanao




Kapaligirang Pilipino pahina 127

Bukidnon, Camiguin, Lanao del Norte, Misamis Occidental at Misamis Oriental ang mga lalawigang bumubuo sa Rehiyon X. Ang populasyon nito taong 2010 ay 4.28 milyon katao. Mga Bukidnon, Manobo, Subanon, Mamanwa, Higaonon, Tiruray at Bagobo ang mga pangkat-etniko sa matatagpuan sa Rehiyon.


**Industriya at Produkto**

Marami sa mga mamamayan dito ang nabubuhay sa pagsasaka at paghahayupan dahil sa malawak na kapatagan at talampas.

Pangunahing produkto rito ang niyog, palay, abaka, pinya, saging at kape. Ang malamig na klima ay angkop sa produksyon ng pinya. Matatagpuan sa Bukidnon ang pinakamalaking taniman ng pinya sa Rehiyon.

Ang pagmimina ay isa ring mahalagang industriya sa rehiyon. Matatagpuan ang malalaking deposito ng mineral, chromite, manganese, ginto, bakal, luwad at apog sa mga lalawigan ng Misamis Oriental at Misamis Occidental.

## Rehiyon XI: Rehiyon ng Davao




Kapaligirang Pilipino pahina 130

Ito ay binubuo ng apat na lalawigan ng Davao: Davao, Davao del Sur, Davao Oriental at Lambak Compostela. Mayroon itong 4.45 milyon na populasyon sa taong 2010.

Matatagpuan sa rehiyon ang pinakamataas na bundok ng bansa, ang Bundok Apo. Tinatawag na Dabaweño ang karamihan sa naninirahan sa rehiyon at ang pangunahing dyalekto ay Cebuano.

### Industriya at Produkto

Pagsasaka ang pangunahing industriya ng rehiyon. Ang malalawak na taniman nito ay nagbibigay hanapbuhay sa mga mamamayan rito.


Ang pangingisda ay isa rin sa pangunahing pinagkakakitaan ng rehiyon. Ang magandang pangisdaan ay nasa Golpo ng Davao, Look ng Pujada, Mayo, Baculin at Cateel.

Sagana ang mga kagubatan nito ng matataas na uri ng kahoy gaya ng Dao, Camagong, Lawaan at Narra. Ang produktong kahoy ay pangunahing iniluluwas ng rehiyon sa ibang bansa.

Sagana rin sa yamang mineral tulad ng ginto, tanso, pilak, nikel, tingga at cobalt ang mga kabundukan ng rehiyon. Narito ang malalaking kompanya ng minahan tulad ng *Apex Mines* at *North Davao Mines*.

### Rehiyon XII: SOCCSKSARGEN

Tinatawag itong SOCCSKSARGEN dahil binubuo ito ng mga lalawigan ng South Cotabato, Cotabato, Sultan Kudarat, Saranggani, at General Santos. Ang populasyon ng rehiyon sa taong 2010 ay 4.10 milyon katao. Tiruray, Bagobo at Manobo ang sumasalamin at nagpapayaman sa katutubong kultura ng rehiyon.




Kapaligirang Pilipino pahina 133


**Industriya at Produkto**

Pagsasaka ang pangunahing industriya ng rehiyon. Ang pangunahing produkto nito ay palay, niyog at goma. Dahil malaki ang produksiyon ng palay sa Cotabato, tinawag itong *Kamalig ng Palay ng Mindanao.*

Ang pangingisda ay pinanggagalingan din ng malaking kita sa rehiyon. Ang pangunahing pangisdaan ng rehiyon ay ang Lawa ng Sebu at Look ng Saranggani. Sagana ang isda rito tulad ng *yellowfin tuna*, *mackerel* at *skip-jack.* Tinaguriang *Tuna Capital* ng Pilipinas ang Rehiyon ng SOCCSKSARGEN.

### Rehiyon XIII: CARAGA

Binubuo ito ng lalawigan ng Surigao del Norte, Surigao del Sur, Agusan del Norte at Agusan del Sur. Ang mga Mamanwa ang naninirahan sa Agusan del Norte, Surigao del Norte at Surigao del Sur.




Kapaligirang Pilipino pahina 136


### Industriya at Produksiyon

Pagsasaka, pagmimina, pangingisda at pagtotroso ang mga pangunahing industriya ng rehiyon. Ang Agusan del Norte ang nangunguna sa produksiyon ng palay na isa sa pangunahing pangkabuhayan ng mga tao. Nag-aani rito ng abaka, kakaw, saging, palay, mais, kapok at tabako.

Pagmimina ang pangunahing industriya sa Surigao del Norte kung saan matatagpuan ang pinakamalaking nikel sa pulo ng Nonoc, at pinakamalaking deposito ng iron, ore sa Punta Tigas, Surigao del Sur. Iba pang mineral na mamimina sa rehiyon ang ginto, pilak, chromite, tanso at tingga.

## Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM)

Ang ARMM ay binubuo ng mga lalawigan ng Lanao del Sur, Maguindanao, Sulu, Tawi-Tawi at Basilan maliban sa Lungsod ng Isabela. Ang populasyon nito taong 2010 ay 3.25 milyon katao.




Kapaligirang Pilipino pahina 139

### Mga pangkat na bumubuo sa rehiyon:

- Maguindanao – Ilanun, Tiruray at Maguindanao
- Lanao del Sur – Maranao
- Basilan, Tawi-Tawi at Sulu – Badjao, Kaagen, Samal at Tausug

### Industriya at Produkto

Pangingisda ang pangunahing industriya sa rehiyon. Kumikita rin ang mga Samal, Sama de Laut at Maguindanaoan sa paggawa ng mga bangka.

Isang matandang hanapbuhay sa kapuluan ng Sulu ang paninisid ng perlas. Kilala rin ang mga Samal ng Tawi-tawi sa paglala ng matitibay at makukulay na banig na yari sa pandan.



## *Pagyamanin*

**Panuto:** Pagtambalin ang hanay B sa hanay A at isulat ang letra ng inyong sagot sa patlang.


| A | B |
|---|---|
| ________1. May 10.14 milyong populasyon | A. Nueva Ecija |
| ________2. Tiruray | B. Gitnang Luzon |
| ________3. Tuna Capital | C. Maguindanao |
| ________4. Salad Bowl ng bansa | D. SOCCSKSARGEN |
| ________5. Bangan ng Palay | E. Lambak ng Cagayan |
| | F. Rehiyon ng Davao |

## *Isaisip*

**Panuto:** Punan ang patlang ng tamang sagot at piliin ang sagot sa kahon.

| | | |
|---|---|---|
| Lambak ng Cagayan | Perlas | CARAGA |
| talampas | agrikultural | heotermal |

1. Matatagpuan sa Hilagang-Silangan ng Luzon ang ___________________________.
2. Ang MIMAROPA ay isang rehiyong _______________.
3. Makikita sa rehiyong ito ang plantang _________________ na pinatatakbo ng mainit na singaw ng lupa.
4. Maraming mamamayan sa Hilagang Mindanao ang nabubuhay sa pagsasaka at paghahayupan dahil sa malawak na kapatagan at _________________.
5. Isang matandang hanapbuhay sa kapuluan ng Sulu ang paninisid ng ______________.



## *Isagawa*

**Panuto:** Sagutin ang sumusunod.

1-3. Isulat ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** naman kung hindi tama.

_____1. Sa Mang Pedro ay gumagamit ng organikong pataba sa kanyang mga pananim na gulay.

_____2. Mas pinipili na bilhin ni Gemma ang mga produkto na gawa sa ating bansa kaysa sa mga produkto na galing sa ibang bansa.

_____3. Gusto ni Aling Elena na tatlo lamang ang kanyang anak kaya nakikinig siya ng mabuti sa oryentasyon tungkol sa pagpigil sa pag-aanak.

4-5. Bilang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang mga produkto ng ating bansa? (2 puntos)

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________



## ***Tayahin***

**Panuto:** Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang Ilocano at Pangasinense ang mga pangkat ng taong naninirahan sa rehiyon na ito.
   A. Rehiyon I  B. Rehiyon III
   C. Rehiyon II  D. Rehiyon IV

2. Sa Cebu matatagpuan ang *Mactan Export Processing Zone* na nagbibigay hanapbuhay sa maraming Cebuano. Sa anong rehiyon nasasakop ang Cebu?
   A. Rehiyon V  B. Rehiyon VII
   C. Rehiyon VI  D. Rehiyon VIII

3. Sa rehiyong ito matatagpuan ang Palasyo ng Malacanang na opisyal na tirahan ng Pangulo ng bansa.
   A. CAR  B. CARAGA
   C. NCR  D. Kanlurang Visayas

4. Dito matatagpuan ang pinakamalawak na taniman ng pinya sa bansa?
   A. Cebu  B. Baguio
   C. Davao  D. Bukidnon

5. Ang rehiyon na ito ay sagana sa yamang mineral tulad ng ginto, tanso at pilak. Dito rin matatagpuan ang kompanyang minahang *Apex Mines*.
   A. Rehiyon ng Davao  B. Hilagang Mindanao
   C. Silangang Visayas  D. Lambak ng Cagayan

6. Anong rehiyon ang tinaguriang *Tuna Capital* ng bansa?
   A. Rehiyon X  B. Rehiyon XII
   C. Rehiyon XI  D. Rehiyon XIII

7. Anong rehiyon sa Luzon na ang pinagkakakitaan ay industriyang pantahanan sa paggawa ng lubid, basket, sombrero at *vakul*?
   A. Rehiyon I
   B. Rehiyon III
   C. Rehiyon II
   D. Rehiyon IV-A

8. Ang sumusunod ay ang agrikultura at industriya sa Rehiyon XIII MALIBAN sa isa.
   A. Pagmimina
   B. Pagsasaka
   C. Pagtotroso
   D. Manufacturing

9. Anong rehiyon sa Luzon ang tinaguriang "Kamalig ng Bigas" dahil nangunguna ito sa pag-aani ng palay?
   A. Rehiyon II
   B. Rehiyon IV-A
   C. Rehiyon III
   D. Rehiyon IV-B

10. Ang populasyon ng rehiyon na ito ay 4.09 milyon at naninirahan dito ang mga Waray.
    A. Rehiyon VI: Kanlurang Visayas
    B. Rehiyon VII: Gitnang Visayas
    C. Rehiyon VIII: Silangang Visayas
    D. Rehiyon IX: Tangway ng Zamboanga



## *Karagdagang Gawain*

Alin ang HINDI kabilang sa bawat rehiyon. Bilugan ang sagot sa pagpipilian sa ibaba.

1. Rehiyon II: Lambak ng Cagayan

   Ibanag  Gaddang  Itawis  Aeta

2. Rehiyon IV-B: MIMAROPA

   Yogad  Tagbanwa  Batak  Mangyan

3. Rehiyon VI: Kanlurang Visayas

   Hiligaynon  Kinaray-a  Cebuano  Aklanon

4. Rehiyon X: Hilagang Mindanao

   Manobo  Subanon  Higaonon  Ilanun

5. Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM)

   Badjao  Mamanwa  Maranao  Tausug

## *Susi sa Pagtataya:*

| Subukin |
|---|
| 1. C |
| 2. A |
| 3. A |
| 4. A |
| 5. D |
| 6. C |
| 7. C |
| 8. D |
| 9. C |
| 10. D |

| Pagyamanin |
|---|
| 1.B |
| 2.C |
| 3.D |
| 4.E |
| 5.A |

| Isaisip |
|---|
| 1.Lambak Cagayan |
| 2.agrikultural |
| 3.heotermal |
| 4.talampas |
| 5.perlas |

| isagawa |
|---|
| 1.T |
| 2.T |
| 3.T |
| 4-5. (iba-iba ang sagot ng mga bata) |
| |

| Tayahin | |
|---|---|
| 1. A | 6. B |
| 2. B | 7. C |
| 3. C | 8. D |
| 4. D | 9. C |
| 5. A | 10.B |

| Karagdagang Gawain |
|---|
| 1. Aeta |
| 2. Yogad |
| 3. Cebuano |
| 4. Ilanon |
| 5. Mamanwa |

## *Sanggunian:*

Adriano, M. G.V., M. A. Caampued , C. A. Capunitan., W.F. Galarosa, N.P. Miranda, & E.R. Quintos (2015). Araling Panlipunan-Ikaapat na Baitang. VIBAL Group Publishing, Inc

Anda, Menardo O. (2006) Makabayan: Kapaligirang Pilipino, Batayang Aklat sa Ikaapat na Baitang, LG&M Corporation

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615